Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

# Komisyon sa Wikang Filipino

10 Abril 2015

**ELLEN B. DONATA, Ed.D.,**
Director
DepED Regional Office-CAR
Wangal, La Trinidad, Benguet

Mahal na Direktor Donata:

Magalang po naming hinihiling ang inyong tulong at tangkilik sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga guro mula sa inyong rehiyon sa Pambansang Kongreso sa Pagpaplanong Wika na gaganapin sa 5-7 Agosto 2015, sa Lingayen, Pangasinan. Kalakip po nito ang tentatibong programa.

Ang kongresong ito ay dadaluhan ng mga kinatawan ng iba't ibang organisasyong pangwika, ahensiya ng pamahalaan, bukod sa mga guro at superbisor sa Filipino, midya, at mananaliksik-wika na pawang magmumula sa iba't ibang rehiyon ng Filipinas. Layunin ng kongresong ito na makabuo ng mga kongkretong plano ng mga programa at proyekto para sa wikang Filipino.

Ang registration fee ng mga dadalo ay TATLONG LIBONG PISO (Php 3,000.00) para sa seminar kit at pagkain (3 tanghalian at 6 meryenda), hindi po rito kasama ang akomodasyon.

Kung mayroon po kayong tanong o paglilinaw, mangyaring sumulat *sashee_bvega@yahoo.com* o tumawag sa telepono blg. (02) 736-2519 o 736-2524/25 lokal 101 o mobile number 09435640813 at hanapin si Remedios Vasquez.

Inaasahan namin ang positibo ninyong tugon at hangad naming makatuwang kayo sa mga gawaing pangwika. Pauna ang aming pasasalamat.

Lubos na sumasainyo,

**VIRGILIO S. ALMARIO,** National Artist
Tagapangulo

**July 20, 2015**

**To: Elementary and Secondary School Heads**

**For your information. Participation is voluntary.**

**FRANCIS CESAR B. BRINGAS**
**Schools Division Superintendent**

Republic of the Philippines
Department of Education
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION
Wangal, La Trinidad, Benguet

July 7, 2015

**Para sa : Mga Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay**
**Tagamasid Pansangay sa Filipino**

Para sa Kaalaman at malawakang pagpapalaganap sa lahat ng mga Kinauukulan.

**ELLEN B. DONATO, Ed.D., CESO III**
Regional Director

CLMD/TD/mif

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**

MAY 20 2015
DEPED-CAR Time:

Commission on Higher Education
OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION
C.P. Garcia Ave., U.P. Diliman, Q.C.

**KALATAS MULA SA TAGAPANGULO**

| | | |
|---|---|---|
| **PARA SA** | : | **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**<br>**LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD** |
| **PAKSA** | : | **PARTISIPASYON SA KONGRESO SA PAGPAPLANONG WIKA NA GAGANAPIN SA IKA-5 HANGGANG IKA-7 NG AGOSTO TAONG 2015 SA SISON AUDITORIUM, TANGGAPANG PANLALAWIGAN, LINGAYEN, PANGASINAN** |
| **PETSA** | : | Ika-14 ng Enero taong 2015 |

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No. 7722* na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"* malugod na ini-endorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Komisyon ng Wikang Filipino ang suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang kongreso ay naglalayong mailahad at matalakay ang pag-unlad at kasalukuyang sitwasyon ng wikang pambansa at makabuo ng kongkretong solusyon at plano para sa wikang Filipino.

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay **BOLUNTARYO.** Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Administrative Order No. 103*.

Para sa karagdagang detalye, reserbasyon at/o iba pang katanungan patungkol sa aktibidad na ito maaari kayong makipag-ugnayan kanilang telepono sa bilang na 736-2519/736-2525 lok 101 at sa kanilang email address jonaguarin@gmail.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

**PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.**

01-C014-b-0069 KWF PagpapalnongWika_2015

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TINANGGAP
Petsa: 1/26/15 Oras:
Ni:
YUNIT NG MGA KASULATAN